PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrice.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrice.com

40 Kilo Certified Seeds Sapat na sa Isang Ektarya

Ang certified seed (CS) ay binhing galing sa bunga ng registered seeds na pinaka-ingatang mabuti upang matiyak ang pagka-puro nito. Ito ay pinadadami at ipinagbibili ng mga accredited seed growers at mayroong kulay asul na tag ng National Seed Quality Control Services (NSQCS).

Ang certified seeds ay mataas ang kalidad at dumaan sa masusing pagpupuro ng magbibinhi.

Bakit 40-Kilo Certified Seeds lang sa isang ektarya?

- Ang Certified Seeds ay nakapagbibigay ng 5-10% na taas ng ani kaysa sa ordinaryong binhi.
- Ayon sa pag-aaral, may kakayahan ang Certified Seeds na makalikha ng 1.3 milyong punla. Ito ay katumbas ng limang beses ng kinakailangang binhi para sa isang ektarya.
- Kahit kalahati sa mga buto ng Certified Seeds ang hindi sumibol o nasira, sapat pa ang natitirang kalahati nito para matamnan ang isang ektarya.
- Ipinapayong bumili lamang ng certified seeds sa tuwing magsasakahan. Gayunman, ligtas pa ring gamitin ang ani sa dalawang magkasunod na panahon kung regular ang pagtatanggal ng mga hindi kauri o lahok sa buong yugto ng pagkakatanim.



Paano Gamitin

1. Maghanda ng 400m^2 kamang punlaan. Maaaring gamitin ang isa sa mga sumusunod:
   - 10 kamang punlaan na may sukat na 2 metro x 20 metro bawat isa
   - 20 kamang punlaan na may sukat na 1 metro x 20 metro bawat isa
   - 40 kamang punlaan na may sukat na 2 metro x 5 metro bawat isa

2. Maghalo ng organikong pataba sa ibabaw ng kamang punlaan. Gumamit ng kompos o mga binulok na bagay tulad ng pinatuyong dumi ng manok, inuling na ipa o *carbonized rice hull*, o dayami.

3. Isabog ng pantay-pantay ang 40-kilo na Certified Seeds sa kamang punlaan.

   Mahalaga na sundin ang tamang sukat ng kamang punlaan upang matiyak ang malusog na paglaki ng mga punla.

4. Ilipat-tanim sa gulang na 20-25 araw.

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice